

# Aktibidad sa Pag-aaral 2: Pagsisikap na Gawin ang Kalooban ng Panginoon nang Walang Kapaguran

Pagnilayan ang isang pagkakataon na may ipinagagawa sa iyo na isang bagay na tila napakahirap. Binigyan ng Panginoon ang propetang si Nephi ng mahihirap na utos nang iutos Niya sa kanya na manawagan ng pagsisipi sa masasamang Nephita. Kahit mahirap, masigasig na nagsikap si Nephi na sundin ang kalooban ng Panginoon.

Basahin ang Helaman 10:4–5 at alamin ang sinabi ng Panginoon kay Nephi dahil sa kanyang katapatan.

Ang isang katotohanan na matututuhan natin mula sa mga talatang ito ay kapag sinisikap nating sundin ang kalooban ng Panginoon at pinaglingkuran Siya nang walang kapaguran, pagpapalain tayo ng Panginoon sa maraming paraan.

- Ano ang maaaring mahirap sa pagnanais na gawin ang kalooban ng Panginoon?
- Ano ang maaalala mo tungkol sa Panginoon na mas magpapadali na sundin ang Kanyang kalooban sa halip na ang iyong sariling kalooban?
- Ano ang ilan sa mga paraan na naglingkod si Jesucristo sa Ama sa Langit nang walang kapaguran?
- Paano mo mapaglilingkuran ang Ama sa Langit at si Jesucristo nang walang kapaguran sa ating panahon?

Mag-isip ng isang mithiin na magagawa mo para hangarin ang kalooban ng Ama sa Langit at paglingkuran Siya nang walang kapaguran. Maaari mong isulat sa iyong study journal ang mithiin mo.

## Aktibidad sa Pag-aaral 3: Ang Kapangyarihang Magbuklod

Isipin na kunwari ay pinagkalooban ka ng Panginoon ng kapangyarihang gawin ang anumang hiniling mo sa Kanya. Sa propetang si Nephi, sinabi ng Diyos na ipagkakaloob Niya ang anumang bagay na nanaisin ni Nephi dahil “hindi [siya] hihiling nang salungat sa kalooban [ng Diyos]” (Helaman 10:5).

Basahin ang Helaman 10:7, at alamin ang isa sa mga bagay na ipinagkaloob ng Panginoon na may kapangyarihan si Nephi na gawin.

Ang kapangyarihang inilarawan sa talata 7 ay tinatawag na kapangyarihang magbuklod. Mula sa talatang ito, nalaman natin na ang kapangyarihang magbuklod ay nagbubuklod at naghihiwalay ng anuman sa lupa at sa langit. Maaaring makatulong na malaman na ang ibig sabihin ng nagbubuklod ay nagdurugtong o nag-uugnay at ang ibig sabihin ng naghihiwalay ay nagkakalasa o nagbubuwag.

Ang kapangyarihang magbuklod na binanggit sa talata 7 ay ang kapangyarihang magbuklod na siya ring hawak ni Elijah (tingnan sa 1 Mga Hari 17:1), ni Pedro at ng mga apostol (tingnan sa Mateo 16:15–19; 18:18), at ni Joseph Smith (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 132:46). Ang mga susi ng kapangyarihan ding ito ay hawak ngayon ng Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at ng mga taong maaari niyang pagkalooban nito. Sa kapangyarihang ito, ang mga pamilya ay maaaring mabuklod magpakailanman sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo.

- Sa iyong palagay, bakit nais ng Ama sa Langit na gumawa tayo ng mga tipan na angkop sa buhay na ito at sa kabilang-buhay?
- Sa anong mga paraan ka napagpala dahil nalaman mo na maaaring mabuklod ang mga pamilya nang walang hanggan?
- Paano nakakaimpluwensya sa iyong pag-iisip o pagpili ngayon ang kaalaman na ang mga pamilya ay maaaring magkasama-sama nang walang hanggan?